

# Sekyu

---

Brylle Tabora

## **SETTING:**

*Ang taon ay 1994. Sa loob ng nakahihilo't pasikut-sikot na mga kalye ng Cuba, nababalot ng mga sala-salabat na mga kable ng kuryente, matatagpuan ang HEARTWORKS RESIDENCES, isa sa mga antebellum establishments na itinayo noong American Occupation. Malapit ito sa mga sinehan na nagpapalabas ng mga bomba film.*

## **1. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. DAY.**

*Pinapakita ang itsura ng loob ng condominium: Ang tanggapan. Ang pasilyo ng bawat palapag. Storage area. Mga bakanteng kuwarto. Mga kuwartong tinitirhan ng mga tenants. Ang rooftop kung saan nakasampay ang mga damit ng mga tenants.*

*Makikita si RONILO MACEDA, 28, kausap ang may-ari ng condominium na si RICHARD SY, 47, isang Chinese-Filipino na matigas magsalita nang Tagalog.*

RICHARD: Wala maintenance ngayon, ah, kaya ikaw muna ikot-ikot sa buong building. Okay ba? I-check mo mga sira ilaw. Si Mang Canoy, iyong tenant sa second floor, nagreklamo. Wala raw sila tubig kapag gabi. Kailan ka nga uli puwede magsimula?

RONILO: Sa makalawa po, Ser Richard. Kailangan po kasi ng tulong ni misis sa bahay. Kakalipat lang po namin.

RICHARD: Okay-okay. Ang pasok mo dito, 9 p.m. to 7 a.m., okay? ‘Yung dati kasi security guard namatay ‘yung mother niya. E ‘di naman sinabi kung kailan babalik. Ano uli pangalan mo? Makakalimutin na ako, naku po!

RONILO: Ronilo po, ser. Ronilo Maceda.

RICHARD: Okay-okay, Ronilo. Alam mo naman kung bakit kita kinuha, ‘di ba?

RONILO: Opo, ser.

RICHARD: Okay. Good-good! Sa susunod na linggo mo pa makukuha ‘yung uniform mo ha. Kailangan ka pa sukatan. Sa ngayon, magsuot ka muna puti polo.

## 2. INT. RONILO’S APARTMENT. SAME DAY.

*Nagpapalit ng damit si Ron nang pambahay, habang ang kaniyang asawang si JAZMIN, 27, ay naghahanda ng merienda.*

RONILO: Ma, kilala mo ‘yung konsehal sa Quezon City, ‘yung si Ace Vidal ba ‘yun? Basta ‘yung mestizo. Nakaayos palagi ang postura.

JAZMIN: Ah, oo. ‘Yung palaging lumalabas sa TV. ‘Di ba kumakandidato ‘yun bilang vice mayor ng Quezon City? Bakit, ano meron sa kaniya?

RONILO: E kasi, Ma, may girlpren ‘yun dun sa condominium na pinag-applyan ko.

JAZMIN: E ‘di ba, Pa, may asawa ‘yung si konsehal? ‘Yung kasa-kasama niya palagi sa mga interbyu sa TV. Maganda ‘yun, a. Mestiza din.

- RONILO: Kaya nga nilagay ako ni Ser Richard panggabi. Kasi doon niya binabahay ‘yung kabit niya. Ang utos sa akin ni Ser Richard e siguraduhin ko raw na walang makakaalam.
- JAZMIN: E, hindi ba alam ng mga kasama mo doong mga sekyu?
- RONILO: Ako lang nakakaalam. ‘Yung dati kasing nakatoka sa gabi—ano ‘yun, um, si konsehal nagpasok dun—namatay ‘yung nanay kaya kailangang umuwi ng probinsya. Kailangan ng karelyebo. E mukha naman daw akong mapagkakatiwalaan.
- JAZMIN: Kawawa naman ‘yung misis ni konsehal, no? Nagse-sex pa kaya sila, Pa?

### 3. INT. RONILO’S APARTMENT. NIGHT.

*Nagsisiping ang mag-asawa sa sala, habang sa loob ng kanilang kuwarto ay mahimbing na natutulog ang kanilang mga anak na si MAC, 4 at ROSE, 3. Tinitira ni Ron si Jazmin patalikod, isang bagay na mahilig n’yang gawin sa asawa.*

- RONILO: Ahh... Ahh...
- JAZMIN: Pa, ‘wag kang maingay. Baka magising ang mga bata.
- RONILO: Tekang lang, Ma, malapit na ako labasan. Ahh.. Ah...
- JAZMIN: Bilisan mo. Pagod na ‘ko. Kukunin ko pa ‘yung mga sinampay.

### 4. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. NIGHT.

*Tinu-turn over ni JORDAN VICENTE (25), ang sekyu na nakatalaga sa morning shift, ang mga susi kay Ronilo.*

- JORDAN: Si Mang Aba, ‘yung janitor dito, sa umaga lang siya pumapasok kaya walang nakakapag-ikot sa gabi. Matagal na ring walang pumupuntang maintenance dito. E, mukhang nagtitipid ata ‘tong si Ser Richard e. Alam mo naman, mga Intsik. Silip-silipin mo na rin ‘yung mga napunding ilaw sa bawat floor. Pinalitan ko na nga ‘yung mga ‘yun nung isang buwan matapos dumaan ‘yung bagyo, ewan ko ba kung bakit napundi agad. I-check mo

na rin ‘yung sa fourth floor. May sira atang wiring sa buong palapag. Isa lang naman kasi nakatira d’un e. May tanong ka pa? (*Iiling si Ronilo.*)

JORDAN: O, siya. Kaya mo na ‘yan. Sisibat na ‘ko. May date pa e. (*Hahagikhik.*)

**5. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. SECOND FLOOR.  
SAME NIGHT.**

*Alas dos ng umaga. Rumoronda si Ron sa bawat palapag. May dala-dala siyang flashlight at iniilawan ang mga madidilim na sulok ng bawat pasilyo. Maka-kasalubong niya si MANG CANOY BAUTISTA, 47 at ISSA FERNANDEZ, 37, na naghahagikgikan at naglalaplapan sa isang gilid. Makikita nila si Ron na nagnanakaw ng tingin, at dali-daling papasok ang dalawa sa isang kuwarto.*

**6. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.  
SAME NIGHT.**

*Aakyat si Ron sa ikaapat na palapag. Makikita niya na nababalot ito ng kadiliman, at isang bumbilya lang ang gumagana sa kalayuan. Sa isang banda, may makikita siyang pigura ng isang babaeng papasok sa kaniyang kuwarto.*

**7. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Makikitang nakikinig si Ron sa kaniyang guro na nagtuturo kung paano magkumpuni ng mga sirang piyesa ng mga sasakyan. Mataaimtim siyang nakikinig habang sinusulat sa notebook ang mga lesson nila.*

**8. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Palabas ng TESDA si Ron. Nakasuot siya ng puting polo shirt. Bibili siyang ng kendi mula sa isang vendor habang naghihintay ng dyip na masasakyan pauwi.*

## 9. INT. RONILO'S APARTMENT. DAY.

*Naghahanda si Ron papasok sa trabaho niya, habang si Jazmin ay naghahanda ng pagkain para sa asawa.*

JAZMIN: Pa, kumusta 'yung klase mo? Ito o, kumain ka muna. *(Maghahanda si Jazmin ng pagkain para kay Ron sa hapag.)*

RONILO: Tinuruan kaming magkumpuni ng brake. Nung isang araw nga, kuwento ni Ser Mike, may drayber daw, di niya namalayan nagloloko brake niya. Diyan sa may España, malapit sa 'tin. Kaya nung mag-red na 'yung ilaw, di niya nahinto sasakyan niya. Nabangga siya ng sasakyan. Patay. Pati rin 'yung asawa niya at mga anak nila.

JAZMIN: Diyos ko. Nga pala, Pa, si Mac malapit na pumasok ng iskul. Maglilimang taon na rin siya. Late na nga siya e.

RONILO: 'Wag kang mag-alala, Ma. Malapit na rin naman ako grumadweyt. Magtatayo tayo ng sarili nating talyer, pramis ko 'yan. Mapapaaral natin si Mac sa magandang iskul. *(Hahalikan niya sa labi si Jazmin.)*

JAZMIN: O, ubusin mo na 'yan. Baka ma-late ka pa sa unang pasok mo.

## 10. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. ANOTHER NIGHT.

*Nakaupo si Ron sa reception desk. Nakapatong sa desk niya ang ilan sa kaniyang mga komiks. Patingin-tingin siya sa mga tenant na papasok at palabas ng condominium. Lalapit sa kaniya si REE MACATANGAY, 26, na may hubog na parang bote ng Coca-Cola.*

REE: Hi, pogi! Bago ka dito no? Kailan ka pa?

RONILO: Opo, ma'am. Perst dey ko nga po ngayon e.

REE: Ah, ganun ba? O, dapat nating i-celebrate 'yan! Akyat ka sa kuwarto ko mamaya sa second floor. *(Kikindatan siya ni Ree.)*

*Mistulang nahihiya si Ron pero mapapangiti siya.*

- REE: Saan ka ba dati nagsesekyu, ha?
- RONILO: Ay, ma'am, perst taym ko nga lang po mag-sekyu. E nireper lang po ako ng kasama ko sa dati kong pinagtatrabahuan.
- REE: Ah. Okay. Saan ka ba dati?
- RONILO: Waiter po sa Savory, ma'am. 'Yung sa may Sampaloc. Dun po kasi malapit 'yung dati naming inuupahan ng misis ko. Tapos ilang restaurant din po pinasukan ko bago n'un.
- REE: O, okay. Alam mo, ngayon lang nagkaroon ng mga poging sekyu dito. Puro kasi mga swanget kinukuha nila, e. Nakakawala tuloy ng gana. Buti na lang nandiyan ka na. Sayang may asawa ka na. Pero kung magbago isip mo ha, nandito lang naman ako.
- RONILO: (*Mahihiya.*) Ma'am naman.
- REE: Okay, bye Ronilo! See you around.
- RONILO: Ron na lang po.
- REE: Bye, Ron! (*Nang paakyat na ng hagdan, biglang siyang may isasambit.*) Room 205! Antayin kita dun ha. (*Sabay kindat.*)

## **11. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Galing sa banyo si Ron, inaayos ang kaniyang polo at tinataas ang zipper ng pantalon. Makikita niya ang matabang babae na may kasamang lalakeng 'di masyadong kagwapuhan papalabas ng condominium. Mapapansin niya ang babaeng ito ay iyong nakita niya noong isang araw na may kahalikan. Ngunit ibang lalaki ang kasama nito—si RENE, 41, ang kaniyang asawa. Babalik siya sa reception desk at magbabasa siya ng kaniyang komiks. Captain Barbell ang binabasa niya.*

*Patay ang gabi. Wala masyadong pumapasok at lumalabas ng condo, maliban sa iilang mga tenant na lumalabas para bumili mula sa isang tindahan sa tabi ng condo. Wala rin masyadong naririnig na ingay mula sa labas.*

**12. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.  
ANOTHER NIGHT.**

*Rumoronda si Ron sa iba't ibang palapag. May dala-dala siyang bumbilya.*

*Papanik siya sa ikaapat na palapag at ilawan ito ng flashlight. Papalitan niya ang napunding ilaw, ngunit nang ikinabit niya ito, hindi pa rin gumagana. May maririnig siyang babaeng magsasalita sa may 'di kalayuan. 'Di niya masyadong makikita ang babae, ngunit sa bahagyang ilaw na nanggagaling sa isang sulok, mapapansin niya ang kagandahan nito. Si MARIA LUISA TIMBAL, 27, ang babaeng nakita niya noong isang araw.*

LUISA: 'Wag ka nang mag-abala. Nagloloko wiring niyan. Nabasa nung bagyo.

RONILO: Magandang gabi po, m'am. Papaalam ko na lang po kay Ser Richard.

LUISA: 'Yung kuripot na Intsik na 'yun? Baka ikaltas pa 'yun sa sweldo mo, 'wag na. Tatal, ako lang naman nakatira sa floor na 'to. Sanayan lang.

*Papasok na si Luisa sa kaniyang kuwarto. Pagkabukas nito ng ilaw, may aninag na tatagos sa katabing kuwarto. Mapapansin ito ni Ron at sisilip siya sa butas.*

*Mapapanood niya si Luisa na naghuhubad at nagpapalit ng damit. Malilibugan si Ron. Hihimasin niya ang kaniyang ari. Matitigilan siya nang may marinig siyang kumakaluskos sa rooftop.*

### **13. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. ROOFTOP. SAME NIGHT.**

*Aakyat si Ron sa rooftop. Sisilip siya at may makikita siyang isang matandang babaeng—si MANANG LORING, 59—nakasuot ng belo na tila nagmamadaling kunin ang mga nakasampay habang inaamoy ang mga ito. Makikita niya si Ron at agad-agad na aalis. Sa kaniyang pagmamadali, mahuhulog niya ang isa sa mga sinampay. Pupulutin ito ni Ron at makikita niya ang isang puting brip.*

### **14. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. DIFFERENT NIGHT.**

*Mag-aalas dos ng umaga. Makikita ni Ron ang isang lalaking nakasuot ng itim na jacket na papasok sa loob ng condominium—si KONSEHAL ACE VIDAL, 41.*

*Magpapalitan silang dalawa ng mga ngiti. Pagkaakyat ni Konsehal Ace ng hagdan, malalaglag niya ang kaniyang pitaka. Makalipas ang ilang sandal, mapapansin ito ni Ron at susubukang ihabol sa konsehal.*

### **15. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR. SAME NIGHT.**

*Walang tao sa pasilyo ng ikaapat na palapag. Nasa loob na ng kuwarto ni Luisa ang konsehal. Pagmamasdan niya ang pitaka bago ito buksan. Makikita niya ang mga ID at pag-aaralan niya ang mga ito.*

*Mapapansin niya ang aninag na tumatagos sa kabilang kuwarto.*

*Magdadalawang-isip si Ron bago sumilip sa butas. Makikita niya ang dalawa na naghahalikan at unti-unting naghuhubad ng mga saplot. May kakaibang kaba siyang mararamdaman. Ibaba niya ang kaniyang pantalon at magjajakol.*



**16. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
SAME NIGHT.**

*Nasa reception desk si Ron nagbababasa ng komiks nang bumaba na ang konsehal. Lalapitan siya ng konsehal. Pagpapawisan siya nang husto sa takot na baka nabisto siya.*

KONSEHAL ACE: Boss, may nakita ka bang pitaka? Nahulog ko ata kanina ‘pag akyat ko.

RONILO: Um, uh, eto po, ser. Ihahabol ko po sana kanina kaya lang ‘di ko na po kayo nakita. (*Iaabot ang pitaka.*)

KONSEHAL ACE: Okay lang ‘yun. Anong pangalan mo?

RONILO: Ronilo Maceda po.

KONSEHAL ACE: So, ikaw pala yung relyebo ni Randolph no? Nabanggit ka sa ‘kin ni Richard. Hmm, mukha ka namang mapagkakatiwalaan. Mapagkakatiwalaan nga ba kita, Ronilo?

RONILO: Ser, opo, ser. Wala po kayong magiging problema.

KONSEHAL ACE: Good. Good. Mukhang ‘di naman nagkamali si Richard sa pagpili sa ‘yo. Okay. I have to go.

**17. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.**

*Bumangon si Ron sa kaniyang higaaan upang maghanda papasok sa kaniyang klase. Magigising si Jazmin ngunit papabalikin ito ni Ron sa pagtulog. Lalapitan niya ang kaniyang mga anak at hahalikan ang mga ito sa noo.*

**18. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Kakatapos lamang ng klase ni Ron. Kausap niya ang kaniyang guro na si MIKE DIAZ, 45.*

MIKE: Ron, anong balak mo magkatapos nito?

RONILO: Ay, ser—

- MIKE: Mike na lang.
- RONILO: Mike, E, nasabi ko na rin naman po dati na balak kong magtayo ng sarili kong talyer sa may sa 'min sa Sampaloc. Kaya lang hindi ko alam kung saan ko kukunin 'yun puhunan. Magsisimula na rin mag-aral 'yung pangangay ko.
- MIKE: Sa katunayan, Ron, nagsisimula kami magtayo ng business ng mga kaibigan ko. Talyer. Tapos may kasama na ring carwash.
- RONILO: Ay, okay 'yun, ser. Mike. Magandang ideya 'yang carwash.
- MIKE: Okay, 'di ba? Naisip ko lang baka gusto mong sumali sa negosyo namin. Kulang kasi kami sa tao ngayon. I mean, ikaw kasi isa sa pinakamagaling kong students e. Sayang naman skills mo. Alam mo na, habang nag-iipon ka. Diyan lang sa may Cubao. 'Di ba dun ka nagtatrabaho?
- RONILO: Opo. Sa Heartworks Residences. Maraming salamat po. Pero kailangan ko pa muna pag-isipan. Papaalam ko pa muna kay misis.
- MIKE: Oh, no problem. Pag-isipan mo nang mabuti.

#### **19. INT. HEARTWORKS CONDOMINIUM. RECEPTION AREA/ FOURTH FLOOR. DIFFERENT NIGHTS.**

*MONTAGE: Ilang beses makikita ni Ron ang konsehal na bumibisita sa condo. Sa mga pagkakataong ito, pinapanood ni Ron ang dalawa na magtalik habang nagja-jakol. Babalik uli siya sa desk tuwing matatapos siyang labasan.*

#### **20. INT. HEARTWORKS CONDOMINIUM. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Nakaupo si Ron sa kaniyang reception desk nang biglang niyang makita si Ree kasama ang kaniyang lolang si ALING LICIA, 75, na may kahinaan sa pandinig.*

*Kasa-kasama rin nila ang kakambal ni Ree na si ALICE—isang matabang babae na overly confident sa kanyang sarili. Lalapitan ni Ree si Ron upang landiin ito.*

REE: Hi, pogi! ‘Di ka sumipot n’ung isang gabi ha. Mamaya? (*Hahagikhik.*)

ALICE: (*Hahawiin si Ree.*) Hi, I’m Alice. (*Iaabot niya ang kaniyang kamay.*) Ngayon mo lang ata na-meet ang ‘di hamak na mas magandang kakambal.

RONILO: Kambal kayo?

ALICE: Oo. Hindi halata, no. Mas maganda kasi ako, ‘di ba? (*Tatawa nang malakas.*)

REE: Excuse me?

ALICE: Bakit, may problema ka? Tanungin mo pa kay lola, e. ‘Di ba, ‘la?

ALING LICIA: Ha? Ano ‘yun?

ALICE: O, sabi ko sa ‘yo e. At ikaw kuya guard, Ron, ‘di ba? Look no further. Because I’m already here. O, ‘di ba? (*Tatayo na tila contestant sa isang beauty contest.*) Saan ka pa? (*Tatawa nang malakas.*)

REE: Lakas mo, a. Napunta na ata pati taba mo sa ulo mo.

ALICE: Ano ‘yun?

ALING LICIA: Tara na, mga apo. Mahuhuli na tayo sa misa. Bilisan n’yo.

ALICE AND REE: (*Sabay*) Okay, ‘la. Nandiyan na po.

## 21. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.

*Nagbabantay si Ron sa kaniyang desk, nagbabasa ng komiks, nang bigla niyang makikita si Luisa papasok nang condo, lasing na lasing. Hindi ito masyadong makalakad sa kalasingan. Tutulungan siya ni Ron na makaakyat sa kaniyang kuwarto. Susubukan niyang buhatin si Luisa, ngunit sa kabigitan nito, mahihirapan siya. Bigla itong mapapahawak sa kaniyang dede. Mahihiya ito, ngunit hindi niya aalisin ang pagkakahawak. Makakarating sila sa kuwarto ng babae at ihihiga niya ito.*

**22. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.**  
**NEXT NIGHT.**

*Suot-suot na ni Ronilo ang kaniyang bagong uniform. Sa kaniyang uniform ay nakaburda ang kanyang buong pangalan: RONILO REY C. MACEDA. Makikita si Ron na nakabantay sa kaniyang puwesto. Sa isang gilid ay nakalapas ang komiks na kaniyang binabasa—Pupung. Mapapatingin siya kay Luisa na papunta sa kaniya.*

LUISA: Good evening, kuya guard. (*Lalapit siya upang basahin ang nakaburda sa uniform ni Ron.*) Ronilo Rey C. Maceda.

RONILO: Magandang gabi po, ma'am. Ron na lang po.

LUISA: Uy, salamat sa pagtulong kagabi ah. 'Di ko na nga maalala kung paano ako nakauwi e.

RONILO: Walang anuman po, ma'am.

LUISA: O, hindi ka din ba magpapasalamat sa 'kin?

RONILO: Ho? Para saan po?

LUISA: Sa paghawak sa dede ko. Parang sarap na sarap ka sa paghawak, e.

RONILO: Ay, pasensya po, ma'am. 'Di ko po sinasadya.

LUISA: (*Hahalakhak.*) 'Wag kang mag-alala. Wala sa 'kin 'yun no. Sabi nga ng mga matatanda, share your blessings. Isipin mo na lang, 'yun na ang bayad ko. May tip pa.

RONILO: 'Di po mauulit. Pasensya po.

*Ngingitian lamang siya ni Luisa at kikindatan. Dire-diresto siyang lalabas ng condo.*

**23. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.**  
**ANOTHER NIGHT.**

*Lalapitan ni Luisa si Ron sa kaniyang desk. Nakapambahay lamang ito, ngunit lawit ang hati ng kaniyang dibdib. Hindi mapipigilan ni Ron na alisin ang tingin niya mula rito.*

LUISA: Nakalimutan ko pala magpakilala sa ‘yo. Luisa. Maria Luisa Timbal talaga pangalan ko. Ang baduy, no, ang haba-haba. Masyadong maka-Pilipino. Kaya Luisa na lang. Pero iniisip ko nga palitan ng Meryl, e. Meryl Streep. ‘Di ba sikat ‘yun? Palagi ko siyang nakikita sa mga magazine e.

*(Hindi masyadong iimik si Ron, halatang hindi niya kilala ang tinutukoy nito.)*

LUISA: Hindi mo kilala ‘yun? Ano ba naman ‘to. Ang baduy mo. Basta, sikat ‘yun. Maganda pa. Parang ako.

*(Mapapangiti si Ron, pero yuyuko siya dahil sa hiya.)*

LUISA: *Pupung?* *(Tinutukoy niya ang komiks na nakalapag sa mesa ni Ron.)* Paborito ko ‘yan.

RONILO: Paborito naming basahin ‘to ni Kuya Doms. Mahilig kasi kaming magbasa ng mga komiks. Wala kasi kaming TV sa probinsya namin sa Bolinao.

LUISA: Talaga? Siguro kyut din ‘yung kuya mo no, tulad mo?

RONILO: *(Mapapangiti)* Opo. Pero mas guwapo ‘yun sa ‘kin.

LUISA: Ano ba ‘to, masyadong mapagbigay. Mas guwapo ka dun. Siya kasama mo sa bahay?

RONILO: Ay, wala. Matagal na siyang patay. Nalunod siya sa may batis sa amin nung mga bata pa lang kami. Higit sampung taon na rin po nakaraan.

*(Patlang.)*

LUISA: Alam mo, dapat magpalitan tayo ng mga komiks. Marami akong kopya sa kuwarto ko. Papahiram ko sa ‘yo. Anong gusto mo? Meron akong *Darna*— paborito ko ‘yun—at saka mga unang kopya ng *Pupung*. Sige, dalhin ko sa susunod.

**24. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.**  
**NEXT NIGHT.**

*Makikita si Luisa na nagmamadaling bumaba ng hagdan, may dala-dalang iba't ibang komiks. Lalapitan niya si Ron at ilalapag ang mga komiks. Mayroon siyang Darna, Panday, Kenkoy, Indio ni Francisco Coching, Pupung, at ilang mga Hiwaga Komiks na usong-usong noong panahon na iyon.*

LUISA: O, ito, gabi-gabi ko 'tong binabasa bago matulog.

*(Ipapakita niya ang mga kopya niya ng Kenkoy.)*

RONILO: Mahilig ka pala talaga magbasa ng mga komiks, ma'am.

LUISA: E, kasi madalas ko basahan dati si Lester, 'yung anak ko, bago matulog. 'Di kasi 'yun nakakatulog kapag hindi siya binabasahan ng komiks. *Pupung* ang madalas namin basahin. Pati *Captain Barbell*. Ayun, paboritong-paborito niya.

RONILO: May anak po pala kayo, ma'am. Hindi ko po kasi nakikita na kasama n'yo.

LUISA: Hindi, wala na siya.

RONILO: Pasensya po.

LUISA: Hindi-hinde. Ibig kong sabihin, wala siya sa akin. Nandun siya sa tatay.

RONILO: Hindi n'yo po sila kasama?

LUISA: Hmm, pano ba 'to? Kasi, um, hiwalay na kami ni Nestor, 'yung tatay ni Lester. E ako 'tong si tanga, bisyo rito, bisyo roon. Inom gabi-gabi. Nalulong sa droga. Kaya ayun, hiniwalayan niya ko. Kinuha niya si Lester.

RONILO: Madalas po ba kayo magkita ng anak n'yo?

LUISA: Hindi na. Dalawang taon ko na siyang 'di nakikita.

RONILO: Bakit ayaw n'yo po siyang dalawin? Malamang, 'di 'yun nakakatulog dahil 'di n'yo siya binabasahan ng komiks.

LUISA: *(Matitigilan.)* Dami mo rin tanong, no? Sekyu ka ba talaga? Para kang detective e. *(Hahagikhik.)* Ewan ko ba. Siguro dala na rin ng takot.

- RONILO: Magkikita rin po kayong dalawa ni Lester, sigurado ako.
- LUISA: Oo. Magkikita kami uli ni Lester. Naghihintay lang ako nang tamang pagkakataon. Basta, sinisigurado ko, bibigyan ko siya ng maganda buhay. Bagong bahay. Lahat ng laruang gusto niya.
- RONILO: At lahat ng komiks.
- LUISA: Oo. Pati komiks.

## 25. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.

*Nakatambay si Luisa sa reception desk ni Ron habang nagbabasa ng komiks. Ganoon din si Ron. Biglang makikita nila si Manang Lora na papalabas ng condo. Mapapansin agad ni Ron na ito 'yung babaeng nakita niya sa rooftop noong isang gabi.*

- RONILO: Siya 'yung nakita ko nung isang araw sa rooftop. Kumukuha ng mga sinampay tapos may mga kasamang brip.
- LUISA: Tangina. Kaya pala nagsisiwalaan 'yung mga brip ng mga lalaking tenants dito. 'Yung lukaret pala na 'yan ang may sala. *(Tatawa nang malakas.)*
- RONILO: Sino ba siya? Baka sa asawa niya 'yun?
- LUISA: Tanga. Walang asawa 'yang si Manang Loring. Matandang dalaga 'yan. Tignan mo nga naman o. Akmang sarado Katoliko pero may tinatago rin palang baho ito.
- RONILO: Ha?
- LUISA: 'Pag pumunta ka sa kuwarto niyan, punung-puno nang mga rebulto ng mga santo at ni Jesus Christ. Mayroon pa nga 'yang glow-in-the-dark na Mama Mary e. Galing daw Spain. E nakita ko nga 'yun sa Quiapo, e. Ganung ganun!
- RONILO: Baka naman galing talagang España. España, Manila.

*(Tatawa sila pareho.)*

**26. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
ANOTHER NIGHT.**

*Nakagiliwan na ng dalawa na tumambay sa may reception desk at magbasa ng mga komiks. Isang bagay na nakahiligan nilang gawin ay ikumpara ang mga karakter na binabasa nila sa mga tenants ng condo.*

**26 A. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
NIGHT**

*May hawak si Ron ng kopya ng Kenkoy. Kinukumpara nila si Kenkoy kay Rene, ang asawa ni Issa, dahil tila wala ito palagi sa sarili. Habang si Issa, dating bold star na nalaos dahil sa katabaan, ay ihinahalintulad sa karakter na si Dabiana mula sa Hiwaga Komiks.*

RONILO: 'Yung asawa ni Ms. Issa, si Mang Rene, parang si Kenkoy, no? Palagay mo?

LUISA: Kung tutuusin. Oo nga. Pareho silang wala sa tamang hulog.

RONILO: At saka, tignan mo naman 'yung itsura nilang dalawa. Parang may mali e.

LUISA: 'Yan naman si Issa Fernandez, dati 'yang bomba star nung 80s. Sikat na sikat 'yan. Kung sinu-sino na nakasama niyan sa pelikula. Pepsi Paloma. Maria Isabel Lopez. Mark Joseph. Sarsi Emanuelle. Tapos bigla na lang siyang lumobo nang ganiyan. Naging Dabiana. Ayun, nawalan tuloy ng career.

RONILO: 'Yung karakter sa *Hiwaga Komiks*? Oo nga no. 'Di ko lubos maisip na ganun pala ka seksi si Ms. Issa. Kaya naman pala patay na patay din sa ka niya si Mang Canoy no.

LUISA: Shh... 'Wag ka maingay. Wala masyadong nakakaalam nun.



**26.B. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
NIGHT.**

*Ikukumpara naman nila si Mang Canoy, isang biyudo na may apat na anak kay Dagul mula sa Pugad Baboy, ang patriarch.*

RONILO: Pambihira rin ‘tong si Mang Canoy, no? Naitaguyod n’ya ang kaniyang mga anak ng mag-isa.

LUISA: Alam mo, guwapo sana ‘tong si Canoy pero manas e. Kamukha tuloy niya si Dagul, hindi ba?

RONILO: E, sabagay, pareho naman silang patriyarko ng pamilya.

**26.C. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
NIGHT.**

*Nagbabasa ng Kambal sa Uma sina Ron at Luisa, na kanilang ihinalintulad sa away at bating relasyon ng magkapatid na si Ree at Alice.*

RONILO: Alam mo naaalala ko sa magkapatid na iyan ‘yung Kambal sa Uma?

LUISA: Palibhasa, no, pareho silang mukhang daga.

RONILO: Grabe ka naman po, ma’am. Pero sino kaya ‘yung taong-daga sa kanilang dalawa? (*Magtitinginan ang dalawa at magtatawanan.*)

**26.D. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
NIGHT.**

*Ang matandang dalagang si Manang Loring, isang sarado Katoliko, ay ihahalintulad nila sa isang karakter na nabasa nila sa isang Hiwaga Komiks: matandang babaeng nagpapalit ng anyo kapag sapit ng kabilugan ng buwan.*

**26.E. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
NIGHT.**

*Ang karakter naman na Aling Kikay mula sa Pokwang, isang tipikal na inang bungangera, ay maikukumpara kay IMELDA CONCEPCION, isang aligang nanay na may limang makukulit na anak.*

**26.F. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
NIGHT.**

*Tahimik na nagbabasa ng komiks ang dalawa. Si Ron ay nagbabasa ng kanyang paboritong komiks na Captain Barbell, habang si Luisa naman ay nagbabasa ng comic book version ng “Florante at Laura,” repleksyon marahil ng kanilang mga pagkatao.*

**27. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
ANOTHER NIGHT.**

*Makikitang nagkakamabutihan sina Ron at Luisa. Unti-unti na ring nahuhulog ang loob ni Ron ngunit babalewalain lamang niya ito dahil alam niyang wala naman siyang laban sa konsehal, at ayaw din niyang pumagitna sa relasyon ng dalawa. Makikita nina Ree at Alice ang dalawa na malapit sa isa’t isa. Sisimangutan ni Ree si Ron, at gagayahin ito ni Alice. Ngunit hindi sila mapapansin ni Ron.*

*Sa unang pagkakataon, magkukwento si Luisa ukol sa relasyon nila ni Konsehal Ace.*

LUISA: Ron, sa ‘yo ko lang ‘to sasabihin ha. Well, alam ko namang usap-usapan na rin naman ‘to sa buong building. Kilala mo naman si Ace no? Si Konsehal Ace? Madalas siyang dumadalaw dito.

RONILO: Opo. Nakikita ko siya paminsan-minsan kapag nagbabantay ako. Madami rin kasi pumapasok, ‘di ko rin napapansin ‘yung iba. Kung hindi mo mamasamain, pero paano po ba kayo

nagkakilala ni Konsehal Ace?

LUISA: Nagtatrabaho kasi ako noon diyang sa Ali Mall noon bilang dispatsadora. Madalas bumisita noon si Ace. Tumatakbo pa lang siya bilang konsehal noon. Doon siya bumibili ng mga sapatos at nagpapasukat ng Amerikana. E nagkakataon na ako 'yung naatasan na asikasuhin siya. Tapos isang araw inaya niya ko lumabas. E ako naman 'tong oo lang nang oo. Iniisip na wala naman masama. So, sabi ko, sige. So 'yan.

RONILO: Patay na patay siguro sa 'yo si konsehal no. Siguro maraming lalaking naghahabol sa 'yo. Maswerte rin 'yung tatay ng anak mo.

LUISA: Bolero ka talaga. 'Di na ko nahuhulog sa mga ganiyan, excuse me. Anyway, alam mo naman tumatakbo si Ace bilang vice mayor ng Quezon City, no? Sabi niya sa akin na kapag nanalo siya e bibilhan daw niya ko ng sariling bahay. Makakaalis na rin ako sa impiyernong 'to. Tignan mo pangalan pa lang ang baduy-baduy: Heartworks Residences. Ano 'to, motel? Wala lang akong malipatan kasi si Ace nagbabayad ng renta ko. At kaibigan niya si Richard.

RONILO: (*Magpapanting ang tainga.*) Hindi naman ganon kasama dito. Puwera na lang sa mga 'di gumaganang ilaw, maayos naman dito. 'Pag labas mo lang, nandiyan na lahat ng hahanapin mo. At malamang mami-miss ka ng mga ibang tenants dito. Lalo na si Ree at Alice. Wala na silang kakumtensiya sa 'kin.

LUISA: (*Matatawa.*) Wow. Lakas mo, a. Pero sa totoo lang matagal din ako nagtiis dito. Anim na buwan na akong naninirahan dito. Malayo sa piling ng aking anak. Kaya, alam mo, kapag nakalipat na ako sa bagong bahay namin, kukunin ko talaga si Lester.

## 28. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. IKAAPAT NA PALAPAG. ANOTHER NIGHT

*Rumoronda si Ron sa bawat palapag nang mapatigil siya sa palapag kung na saan ang unit ni Luisa. Wala si Luisa noong gabing iyon dahil lumabas ito*

*upang gumimik. Habang rumoronda ito, may makikita siyang pigura na mistulang si Luisa kapag nakatalikod. Naglalakad nang palayo sa kaniya habang unti-unting hinuhubad ang bawat saplot. Pagdating sa dulo, humarap ito sa kaniya, hubo't hubad. Pagpapawisan si Ron. Sa isang saglit, biglang mawawala ang imahe.*

## **29. INT. RONILO'S APARTMENT.**

*Day off ni Ronilo. Nagsisiping sina Jazmin at Ronilo sa loob ng kanila kuwarto. Na sa may sala ang kanilang dalawang anak, naglalaro. Habang tinitira niya ang kaniyang asawa sa likod, nakita niya na nagbago ang anyo nito at naging si Luisa. Lalong malilibugan si Ron at mapapasarap sa pagkantot. Mapapaaray sa sakit si Jazmin.*

## **30. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.**

*Makikita ni Ron sa kalendaryo na Huwebes ngayong araw. Pagdating ng alas dos, makikita niyang papasok ang konsehal sa condominium. Magpapalitan ng ngiti ang dalawa.*

## **31. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR. SAME NIGHT.**

*Sisilip si Ron sa butas ng kuwarto ni Luisa. Ibaba niya ang kaniyang pantalon at brip. Pagja-jakulan niya ang palabas.*

## **32. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Nagbabantay si Ron sa kaniyang desk at nagbabasa ng komiks na galing kay Meryl. Matapos ang ilang sandali, makikita ni Ron na palabas ng condominium si konsehal. Magpapalitan uli sila ng mga ngiti. Maiiwan ang bakas ng ngiti sa mukha ni Ron habang patuloy siya sa pagbabasa ng komiks.*

**33. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
ANOTHER NIGHT.**

*Lalapitan ni Ree si Ron sa kaniyang desk.*

- REE: Uy, pogi, pahiram naman ako ng susi sa kuwarto namin. Nawala ko kasi, e.
- RONILO: Ma'am, pang-apat na beses n'yo na pong nawawala 'yung susi n'yo ah.
- REE: I know. I know. You know naman me. Lahat ng bagay nawawala ko. Pati lahat ng mga iniibig ko. (*Hahagikhik.*)
- RONILO: Wala po bang duplicate si Ma'am Alice?
- REE: Hay, ewan ko sa matabang 'yon. 'Di kami bati. At saka wala siya ngayon. May pinuntahan somewhere. Care ko.

*Iaabot ni Ronilo ang susi kay Ree.*

- REE: Salamat, pogi! Soli ko na lang mamaya. (*Sabay kindat.*)

**34. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*MONTAGE: Ilang araw ang dadaan at makikita na matagal nang hindi nag-papakita si Luisa kay Ron, na kaniyang ipinagtaka.*

**35. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Mataimtim na nakikinig si Ron sa kaniyang guro. Sinusulat niya sa kaniyang composition notebook ang mga lesson sa klase. Papakita na nagkukumpuni siya ng mga sirang parte ng kotse.*

**36. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Naghihintay si Ron sa may sakayan ng dyip para makauwi.*

**37. EXT. RONILO'S APARTMENT. DAY.**

*Makikitang naglalakad si Ron sa labas ng kanilang bahay. Makakasalubong niya ang anak na si Mac na nakikipaglaro sa kanilang mga kapit-bahay. Lalapit si Mac upang magmano sa ama ngunit babalik din ito sa paglalaro.*

RON: Uy, amoy araw ka na naman. Baho mo na. Maligo ka pagkatapos mo diyan a.

MAC: E, naligo naman po ako kahapon.

RON: Mama mo?

MAC: Sa loob. *(Sa mga kalaro.)* Uy, ikaw na 'yung taya! Ako na naman palagi 'yung taya e.

**38. INT. RONILO'S APARTMENT. DAY.**

*Nagluluto ng merienda si Jazmin. Lalapit si Ron kay Jazmin at hahalikan ito sa leeg, paanyaya sa pakikipagtalik.*

JAZMIN: 'Wag, Pa. Kakalaba ko lang. At mayroon ako ngayon. Kumain ka na ba?

RONILO: Mamaya na. 'Di pa ko gutom. Bumili ako ng pisbol kanina bago umuwi. Gamit ka ba ng banyo? Maliligo muna ko.

**39. INT. RONILO'S APARTMENT. DAY.**

*Manggagaling mula sa banyo si Ron habang nakatapis lamang. Haharap siya sa salamin sa kuwarto at pag-aaralan ang kaniyang mukha. Bakas sa kaniyang mga mata ang lungkot dala ng hindi pagpapakita ni Luisa sa kanya.*

**40. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*Nag-uusap si Ron at si Mang Canoy sa may reception desk.*

MANG CANOY: Nung isang araw ko pa ‘tong nirereklamo hanggang ngayon wala pa kayong ginagawa. Ano ba namang klaseng condominium ‘to? Tuwing madaling araw nawawalan kami ng tubig. Mayroon akong apat na anak. Paano sila maliligo bago pumasok ng school? Siyempre, kailangan ko rin maligo bago pumasok.

RONILO: Pasensya no po kayo, Mang Canoy—

MANG CANOY: Pasensya, pasensya. Hindi kami mapapaligo ng mga pasensya mo ha.

RONILO: Kung gusto n’yo po, gamitin n’yo po muna ‘yung CR para sa mga personnel habang wala po kayong tubig. Pero naiakyat na rin naman po ‘yung reklamo n’yo kay Ser Richard.

MANG CANOY: Siguraduhin n’yo lang na mababalik n’yo agad ‘yung tubig namin, a. Maraming tenants na rin ang nagrereklamo.

*Sa isang banda, makikita niya si Lusa na papasok ng condo, nakasuot ng shades. Dire-diretso lang ito paakyat ng hagdan.*

#### **41. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Maingay ang gabi. Ilang mga tenant ang palabas-masok sa condominium. Ang mga bisita naman ay makikitang nagsusulat ng pangalan nila sa logbook. Maraming nag-iingay sa tanggapan ng condominium.*

#### **42. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Makikitang papalapit si Luisa kay Ron, na siya namang nagbabasa ng komiks bilang pamatay ng oras. Lalapitan siya ni Luisa.*

LUISA: Pinuntahan ko siya. Ngunit ‘di ko kaya. ‘Di ko siya kayang

lapitan, Ron.

*(Patlang.)*

LUISA: Bakit hindi ko magawang lapitan ‘yung anak ko? Wala man lang akong lakas ng loob na lumapit sa bahay nina Nestor. Kaya tumira muna ako sa bahay ng kaibigan ko panandalian. Araw-araw dumadaan ako sa bahay nila. Hinihintay ko na magkaroon ako ng lakas ng loob na kumatok. Sumilip sa may gate. Pero hindi ako makalapit. Hindi ko magawa.

*Susubukang hawakan ni Ron ang kamay ni Luisa ngunit pipigilan niya ang sarili. Hindi niya alam ang gagawin. Hahayaan lamang niyang umiyak ang kaibigan.*

#### **43. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. ANOTHER NIGHT.**

*Balik uli sa dating gawi ang dalawa. Nagbabasa silang dalawa ng komiks.*

RONILO: *(Hawak-hawak ang kopya ng Captain Barbell.)* Ito, paborito namin basahin ni Kuya Doms. Nagtatalo nga kami palagi kung sino sa ‘min si Captain Barbell e. Si Captain Barbell kasi, kahit laki siya sa hirap, may kapangyarihan siya. Kaya niyang patumbahin ‘yung mga kalaban niya.

*(Patlang.)*

RONILO: Kung ganoon lang sa totoong buhay, no? Lahat kaya mong gawin. Kaya mong ipagtanggol sarili mo sa mga kalaban. Kung totoo lang si Captain Barbell.

LUISA: Ganiyan talaga ang buhay. Hanggang komiks lang siya.

RONILO: Siguro, kaya nahiligan din namin ang pagbabasa ni kuya ng mga komiks. Dahil wala naman kaming masyadong pera noon.



Tapos mga komiks namin hinihiram namin sa mga kaibigan namin. Nakalimutan na nga namin isoli ‘yung iba e. Dito lang kami nagkakaroon ng pagkakataon na tumakas at bumuo ng sarili naming mundo. Ang gagawin pa naming ni kuya noon e nagsasalit-salitan kami sa pagbabasa ng mga linya ng mga karakter sa komiks. Syempre siya palagi ‘yung bida. Ako ‘yung kontrabida. O kaya ‘yung mga babae.

LUISA: Kaya pala tili mo parang babae.

RONILO: Huh? ‘Di kaya. (*Matatawa.*)

(*Patlang.*)

RONILO: Kaya naman nung mamatay si kuya, ehem, ang dami ring nagbago sa bahay. Tinamaan ng matinding lungkot ang nanay. Ang negosyo niya na pagsasastre napabayaang niya. Alam mo dahil sa pagsasastre ng nanay e napag-aral niya kaming dalawa ni Kuya Doms hanggang hayskul. Ang tatay naman kasi sa palengke lang nagtatrabaho, nagbubuhay ng mga balde-baldeng isda. ‘Yung kinikita pa niya pinangsusugal niya. Kaya ayun, ako na rin ang tumayong breadwinner ng bahay.

(*Patlang.*)

RONILO: ‘Di kasi dapat kami tumuloy d’un e. Pinagbawalan na nga kami ng nanay na ‘wag pumunta sa batis dahil marami nang nalunod d’un. Pero sige pa rin kami. Masarap kasi lumangoy e. Wala naman masyadong magawa sa probinsya namin. Puro tubig.

(*Patlang.*)

LUISA: Ron, nalibot mo na ba ang Cubao ‘pag gabi? Gusto mo lumabas tayo ngayon?

RONILO: Paano si Ser Richard—

LUISA: Ako bahala sa Intsik na ‘yun. Nakalimutan mo na ba, malakas kapit ko dito. Tatal, wala naman masyadong tao pumapasok nang condo kapag gabi.

RONILO: Sige. Pero ‘di tayo puwede magtagal ha.

**44. EXT. AURORA BOULEVARD. SAME NIGHT.**

*Makikitang naglilibot ang dalawa sa kahabaan ng Aurora Boulevard sa Cubao. Kumakain sila ng barbecue sa isang tabi, habang si Luisa naman ay naninigarilyo.*

LUISA: Mahilig ka ba sa bold?

RONILO: (*Masasamid sa kinakain.*) Um, hindi naman gaano. Isa— Dalawa pa lang napapanood ko. Bakit?

LUISA: ‘Yun lang? Puwes ito kailangan mo mapanood. Showing pa kaya ‘yun?

RONILO: ‘Yung alin?

LUISA: Tara-tara.

**45. EXT. SINEHAN. SAME NIGHT.**

*Nasa labas ng sinehan ang dalawa. Tinitignan nila ang poster na nakapaskil sa labas. Pinag-aaralan nila ang isang poster ng pelikulang pinamagatang: INDAY, TUMUWAD KA.*

RONILO: Introducing... Issa Fernandez? Hindi ba si Ms. Issa ‘yan, ‘yung tenant? Wow! Parang Coca-Cola. Tignan mo naman.

LUISA: O, ‘wag ka muna tigas. Hindi pa nga nagsisimula.

*Lalapit sila sa kahera.*

LUISA: Miss, dalawang ticket dun sa “Inday, Tumawad Ka.”

*Magtitinginan ang dalawa at mapapangiti.*

**46. INT. SINEHAN. SAME NIGHT.**

*Kaunti lamang ang tao sa loob ng sinehan. Pinapanood nila ang sex scene sa pelikula. Makikita nila na ang nakikipagtalik ay si Issa Fernandez noong bata-bata pa siya.*

RONILO: Grabe, ang seksi pala ni Ms. Issa noon no. Ang laki ng dede niya. Ano kaya nangyari sa kaniya?

LUISA: Siguro kinain niya yung ka-partner niya.

*Magtatawanan ang dalawa. Sisitahin sila ng isa sa mga nanonood.*

**47. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. SAME NIGHT.**

*Pagbalik ng dalawa sa condominium, makikita nilang walang tao sa tanggapan. Tahimik na ang gabi, mistulang tinanggalan ng buhay. Walang nakapan-sin sa kanila na nawala sila. Babalik si Ron sa kaniyang desk at lalapitan siya ni Luisa.*

RONILO: Maraming salamat, ha. Tagal-tagal ko na sa Maynila, 'di ko pa nalilibot 'yung Cubao 'pag gabi.

LUISA: Wala 'yun, ano ka ba? Sana nakatulong makita 'yung boobs ni Issa sa 'yo.

*Magpapalitan ng ngiti ang dalawa. Lalapit si Luisa upang halikan si Ron sa pisngi. Matapos ay akyat na ito pabalik sa kaniyang unit. Maiiwan ang ngiti sa mga labi ni Ron.*

**48. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Kakatapos lamang ng klase ni Ron. Inaayos niya ang kaniyang gamit. Habang*

*palabas siya, maririnig niya ang ingay ng mga nangangampanya sa labas.*

#### **49. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Maraming mga nakikiusyoso ang nakatipon sa labas ng TESDA. Dadaan ang ilang mga sasakyan na may nakasabit na tarpaulin na nagsasabing iboto muli sa pagka-alkalde si Benjamin Torres, at iboto naman sa pagka-bise-alkalde si Acero “Ace” Vidal. Dadaan ang isang pick-up na lulan ang dalawang kandidato. Kasama ni Konsehal Ace ang kaniyang asawang si DAWN VIDAL, 37.*

ANNOUNCER: Ngayong darating na halalan, maging matalino sa pagboto. Piliin muli si Benjamin Torres bilang alkalde ng Quezon City, at si Acero “Ace” Vidal bilang bise-alkalde. Tandaan n’yo, Torres sa pagka-alkade. Vidal sa pagka bise-alkalde!

*Pinapanood ni Ron matapos ang motorcade. May naririnig siyang nag-uusap na dalawang tambay sa tabi.*

TAMBAY 1: ‘Yang si Vidal, ‘yung tatay niyan dating gobernador sa probinsya nila sa Batangas. Tapos, bago siya, ‘yung tatay naman niya.

TAMBAY 2: E ‘di ba, pati ‘yung anak niyan—‘yung kapatid nitong si Konsehal Ace—e sumusunod sa yapak ng tatay. E mukhang malaki daw ‘yung tsansang manalo, e. Bumibili kasi ng mga boto.

TAMBAY 1: Tingnan mo nga naman o. Basta may pera ka, kaya mo gawin lahat. Tapos kapag nanalo, babawiin nila ginastos nila. Tanginang ‘yan!

TAMBAY 2: Mukhang malakas din ‘tong si Vidal sa Quezon City, e. Guwapo, e.

*Lalapit si Ronilo sa babaeng nagtitinda ng kendi at yosi.*

RONILO: Ale, isang kendi.

*Pupunta siya ng terminal para sumakay ng dyip pauwi sa kanila.*

**50. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*May ilang tenants ang nakatipon sa desk ni Ron at dinudulog ang kanilang mga reklamo ukol sa condominium. Nandoon sina Mang Canoy, Issa, Rene, Imelda, Ree, Alice, Aling Licia, at Manang Loring.*

MANG CANOY: Tingnan n'yo, hindi lang ako nagreklamo. Pati 'yung ibang tenants napeperhuwisyo.

ISSA FERNANDEZ: Ano ba naman ho 'yan? Nagbabayad naman kami nang tama dito. Bakit simpleng pag-ayos lang ng tubig, e hindi n'yo magawa? Nanlilimahid na kami dito. Ang init-init pa sa lecheng condominium na 'to!

RENE: Hon, hon. Maghunos-dili ka. Nakakahiya.

ISSA FERNANDEZ: Maghunos-dili? Paano ko maghuhunos-dili dito e tignan mo nga kilikili ko, basang-basa na. Ang asim-asim na.

MANANG LORING: Hijo, pati 'yung ilaw sa pasilyo namin napundi agad. E nahihirapan na nga kong makakita dahil malabo na 'yung mata ko. Paano na lamang si Aling Licia. Uugod-uгод na. 'Di ba po, Aling Licia?

ALING LICIA: Ha, ano 'yun? 'Di kita marinig.

MANANG LORING: Sabi ko po, 'di ba, uugod-uгод na kayo!

ALING LICIA: Ha? Sino 'yung mukhang uod?

REE: Ron, unahin mo kami a. But, you know, take your time.

ALICE: Take your time, take your time ka d'yan. (*Kay Ron.*) Um, Ron, you know, hihi, um, kasi, alam mo naman kasi...

REE: (*Kay Alice.*) May nakain ka ba? Gusto mo hilahin ko dila mo?

MANG CANOY: Ang amin lang naman, sana pakinggan lang kami ng management. Alam ko, matagal nang hindi pumupunta 'yung maintenance dito, pero sana naman bigyan kami ng importansya. Karapatan namin 'to.

RONILO: Sabi po ni Ser Richard nasira raw po 'yung tubo. Kinalawang na raw po. Pero pinapalitan na raw. D'un po sa ilaw, sige po.

Papalitan ko rin po ngayon. Pasensya na po talaga.

**51. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Matapos humupa ang mga tao at nagsibalikan na sa kani-kanilang unit, darating si Luisa na nakangisi.*

LUISA: Wow! In demand ka, ha. Guwapo mo kasi, e. Ser, pa-autograph naman po diyan o.

*Mapapangiti si Ron.*

LUISA: At saka nga pala, bago ko makalimutan. Eto o, 'yung mga hiniram kong komiks sa 'yo. (*Iaabot ang komiks kay Ron.*)

RONILO: Uy, sorry, hindi ko pa kasi natatapos 'yung mga pinahiram mo sa 'kin. Pero kung kailangan mo na, isosoli ko na sa 'yo.

LUISA: Parang hindi kita kaibigan. At 'wag ka nga mahiya-hiya diyan. Okay lang. Ilang beses ko na rin nabasa 'yan.

RONILO: Ito, binabasa ko pa si *Darna*. Nakakasabik nga e. Dito na ko sa parte kung saan muntikan na siyang mapatumba ni Valentina.

LUISA: (*Titingnan ang pahina ng komiks na binabasa ni Ron.*) Ah, oo. 'Yan 'yung paborito kong parte. Abangan mo 'yung susunod na mangyayari.

*(Patlang.)*

LUISA: Nga pala, may sasabihin ako tungkol sa amin ni Ace. Sabi niya sa 'kin nung isang araw na 'pag nanalo siya ng pagiging vice mayor, e hihiwalayan daw niya asawa niya. 'Di lang siya makakuha ng tamang pagkakataon. Pero ngayon desidido na siya.

RONILO: (*Susubukang magsalita, ngunit matitised.*) Paano 'yung misis ni konsehal?

LUISA: Matagal na rin niyang binabalak na iwanan ‘yung asawa niya. E, sabi niya sa ‘kin, mayroon naman daw kinikitang ibang lalaki ‘yung asawa niya. So, mayroon siyang rasong hiwalayan ‘to. Hay naku, Ron, kung magkasama na kami ni Ace sa iisang bubong, ‘di ko na kailangan magtago. At makakasama ko na rin si Lester.

(*Patlang.*)

RONILO: (*May pag-aalinlangan sa mukha ni Ronilo. Pipilitin niyang ngumiti.*) ‘Yan naman ‘yung matagal mo nang gusto, ‘di ba?

## 52. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.

*Darating si Ron sa kanilang apartment nang mag-aalos otso y medya ng umaga. Makikita niyang tulog pa ang kaniyang misis at mga anak. Maghihilamos siya ng kaniyang mukha at hihiga sa kama upang matulog. Yayapusin niya ang kaniyang asawa at hahalikan ito sa leeg at braso. Magigising si Jazmin at maghahalikan ang dalawa.*

## 53. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.

*Mag-aalas dos na ng hapon. Naghahanda ng tanghalian si Jazmin para kay Ron. Hindi pa ito nakahanda para sa kaniyang pagpasok sa klase.*

JAZMIN: Pa, male-late ka na, a. Hindi ka ba papasok sa klase mo?

RONILO: Parang wala akong gana, Ma. Sama nang pakiramdam ko.

JAZMIN: Patingin nga kung may lagnat ka. Parang okay ka naman kanina, a. Parang gusto mo pa nga makipag-sex e. (*Papakiramdamang ang noo ni Ron.*) Hindi ka naman mainit. Sigurado kang may sakit ka?

RONILO: Parang ayaw ko lang pumasok.

JAZMIN: Sayang naman yung mami-miss mong mga klase. Malapit ka na rin matapos.

RONILO: Wala lang akong gana ngayon.

JAZMIN:     Sige, bahala ka.

**54. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Nakikinig si Ron sa kaniyang instructor na nagtuturo kung paano magkumpuni ng sirang aircon ng sasakyan. Lipad ang isip ni Ron.*

**55. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Nag-aabang ng dyip sa sakayan si Ron. Sa waiting shed makikitang nakapaskil ang poster ni Konsehal Ace. Titignan ito nang bahagya ni Ron. Pagdating ng dyip, sasakay agad siya.*

**56. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*Makikita ni Ron sa kaniyang kalendaryo na ang araw ngayon ay Martes. Pagpatak ng alas dos, makikita niya ang konsehal na papasok ng condo. Nakasuot ito ng itim na jacket. Tulad ng nakasanayan, magpapalitan sila ng mga ngiti.*

**57. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.  
SAME NIGHT.**

*Maingat na papasok si Ron sa bakanteng kuwarto katabi ng inuupuhan ni Luisa. Ibaba agad niya ang kaniyang pantalon at brip, at agad-agad na sisilip sa butas. Makikita niya na ang dalawa ay nagtataasan ng boses. Hindi masyadong maintindihan ni Ron ang mga nangyayari. Biglang makikita ni Ron na itinulak ng konsehal si Luisa sa sahig. Mabibigla si Ron at dali-daling itataas ang pantalon at babalik sa kaniyang desk.*

**58. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*Nagbabasa ng komiks si Ron ng mapansin niyang palabas na ang konsehal. Tagatak ang pawis nito. Halos wala pang isang oras nang bumaba ang konsehal at dire-diretso itong lumabas ng condo.*



**59. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*MONTAGE: Ilang araw ang lilipas na hindi nagpapakita si Luisa kay Ron. Babalik sa normal ang mga araw ni Ron. Papakita ang mga iba't ibang mga mukha palabas-masok sa condominium.*

**60. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. NIGHT.**

*Habang rumoronda si Ron, papakita ang mga nangyayari sa loob ng mga kuwarta.*

*SHOOTING DOWN: Si Issa at Mang Canoy naglalaplapan sa unit ng nahuli, habang sa kabilang kuwarta ay natutulog ang mga bata; si Rene, asawa ni Issa, mahimbing na natutulog at humihilik; si Manang Loring ay inaamoy-amoy ang mga brip na kaniyang pinuslit habang pinapalibutan siya ng mga rebulto; ang magkapatid na sina Ree at Alice ay nagtutulungan sa pag-ayos na kanilang buhok, habang sa isang gilid ay natutulog sa rocking chair si Aling Licia; at si Imelda na nagpapatulog ng kanyang makukulit na anak.*

**61. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.  
SAME NIGHT.**

*Nababalot sa kadiliman ang buong palapag, maliban sa bahagyang ilaw sa may bandang dulo. Kakatukin ni Ron ang kuwarta ni Luisa. Wala siyang maririnig na sagot. Kakatok uli siya nang ilang beses at tatawagin ang pangalan ni Luisa pero wala pa ring makukuhang sagot. Sisilip siya sa butas sa kabilang kuwarta, ngunit wala siyang makikitang kakaiba sa matatanaw niya. Hindi niya makikita si Luisa. Magtataka siya.*

**62. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.  
ANOTHER NIGHT.**

*Nagbabantay si Ron sa reception area nang tawagin ang atensyon niya ni Manang Loring.*

MANANG LORING: Hijo, pwede mo bang silipin ‘yung fourth floor. Parang may kakaibang amoy e. Parang may patay na daga. ‘Di ko alam saan nanggagaling. Parang sa kuwarto ata ni Luisa. E, sinubukan kong katukin kuwarto niya wala namang sumasagot.

*Kukunin ni Ronilo ang susi sa kuwarto ni Luisa. Mahuhulog ni Manang Loring ang hawak-hawak niyang brip. Dadamputin agad niya ito at ibubulsa.*

### **63. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.**

#### **SAME NIGHT.**

*Nakatipun-tipon ang mga usisero’t usisera sa labas ng kuwarto habang pina-panood si Ron na kinakatok ang pinto. Nang wala silang narinig na sagot, binuksan ni Ron ang pinto gamit ang kaniyang susi. Laking gulat nila nang bumungad sa kanila ang nakahandusay na katawan ni Luisa na nababalot ng sariling niyang dugo. May ilang saksak siya sa kaniyang katawan.*

### **64. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA.**

#### **SAME NIGHT.**

*Magkakalat sa reception area ang naghahalong asul at pulang ilaw mula sa sasakyang pampulis. Nailabas na ang katawan ni Luisa. Maririnig ang mga tenants na nagtsitsismisan. Kausap ni Ron si Richard.*

RICHARD: Ronilo. Huwag na sana ilalabas ito. Sana sa atin na lang dalawa para wala nang gulo. Okay ba?

*Hindi makakaimik si Ron.*

RICHARD: Ito nga pala ipinapaabot ni Councilor Ace. Para raw sa iyo. Kaunting tulong daw sa pamilya mo. Ito, o. Kunin mo. (*Iaabot ang isang sobrang may lamang pera.*) Ito, kunin mo na o.

RONILO: Ser.

RICHARD: O, ano iyon, Ronilo?

RONILO: 'Di ko po kasi matatanggap 'yan.

RICHARD: Sige na, huwag ka nang mahiya. Ito, ito, o. Dali na, kunin mo na iyan. Masama ang tumanggi sa grasya. Makakatulong iyan sa pamilya mo. Hindi ba mag-iskul na ang anak mo? Pambayad din iyan ng tuition fee.

*Mapipilitan si Ron na kunin ang sobre, ngunit tulala pa rin siya sa mga nakita niya kanina.*

#### **65. EXT. RONILO'S APARTMENT. NEXT DAY.**

*Balisa at tuliro si Ron habang naglalakad pauwi sa kanilang apartment. Sa paligid niya, makikita ang mga posters ng iba't ibang kandidato na nakapaskil sa pader at ilang mga poste.*

#### **66. INT. RONILO'S APARTMENT. SAME DAY.**

*Tulog pa si Jazmin at ang kanilang mga anak. Maghihilamos si Ron at didiretso sa kama upang tabihan ang kaniyang asawa. Mahihirapan siyang matulog. Yayakapin niya si Jazmin.*

#### **67. INT. RONILO'S APARTMENT. SAME DAY.**

*Pagkagising ni Ronilo, makikita niya si Jazmin na ipinaghahanda siya ng tanghalian.*

RONILO: Ma, naaalala mo ba 'yong kinukwento ko sa 'yong karelasyon ng konsehal, si Luisa? 'Yung nakatira sa condo?

JAZMIN: O, anong meron, Pa?

RONILO: Natagpuan siyang patay sa kuwarto niya kagabi. Mga apat na araw na ata siyang patay. Tadtad ng saksak.

JAZMIN: O, diyos ko. Ano nangyari? Kinilabutan naman ako dun.

RONILO: Huling namataan siya kasama niya si Konsehal Ace. Nakita ko silang dalawa na—

*Matitigilan si Ron. Muntikan na niyang mabuking ang sarili niya na binobosohon niya ang magnobyong.*

RONILO: Nakita ko si Konsehal Ace nung araw na ‘yun papasok ng condo. Tapos, nakakapagtaka, umalis din siya agad-agad. May mga nakarinig din na nagtatalo ‘yung dalawa nung gabing ‘yun, e.

JAZMIN: Alam ba ng mga pulis ‘yan? Kailangang malaman ‘to ng mga awtoridad.

RONILO: Hindi. Nalinis na niya agad ‘yung gusot. Ang sabi ni Ser Richard sa mga pulis at tenants na isang kaso raw ito ng robbery. Kung sinu-sino raw kasi dinadala ni Luisa sa kuwarto. Kaya mahirap daw matukoy sino nakapatay dito.

JAZMIN: Hindi mo ba puwedeng isumbong sa pulis? Alam mo naman ang nangyari, ‘di ba? Tatal, nakita mo naman kung sino pumasok nang gabing ‘yon.

*Mapapatingin si Ron sa mga anak niyang naglalaro sa isang gilid.*

RONILO: Hindi ko alam, Ma. Hindi ko alam.

JAZMIN: Mag-iingat ka, Pa. Paligi kang magdadasal. Delikado na ngayon.

## **68. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*Ilang linggo na rin ang nakalipas mula nang matagpuan nila ang katawan ni Luisa sa kaniyang kuwarto. Balik na sa normal ang mga tao, para bang walang nangyaring karumaldumal sa loob ng condominium.*

## **69. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. NIGHT.**

Rumoronda si Ron sa loob ng condominium. Pinapalitan niya ang mga napunding ilaw. Makakarating siya sa ikaapat na palapag. Iilawan niya nang flashlight ang pintuan ng unit ni Luisa. Ipipikit niya ang kaniyang mata upang hintayin na dumating ang pigura ng isang nakahubad na babaeng nakita niya noong isang araw. Wala siyang makikita.

**70. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

Hindi makakapagpokus si Ron sa pinag-aaralan. Halatang-halatang balisa siya.

**71. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

Naglalakad lamang palayo si Richard. Madadaanan niya ang ilang poster ng mga kandidato, karamihan ng mga ito ay kay Konsehal Ace. Maglalakad siya hanggang makasakay siya ng dyip.

**72. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

Normal ang daloy ng mga taong pumapasok at lumalabas sa condominium. Pinapanood ni Ron ang ilan sa mga tenant na nag-uusap sa tanggapan.

IMELDA: (Sa mga anak.) 'Pag 'di kayo tumigil diyan kukunin kayo ng mamang pulis. Sige kayo.

ANAK 1: Hala ka, kukunin ka ng mamang pulis.

ANAK 2: Baka ikaw. Tahimik kaya ako. 'Nay, o. Inaaway na naman ako ni ate!

IMELDA: Magsitigil na nga kayo dyan. Ang sakit na ng balakang ko sa inyo. Pagdating natin sa mga lolo niyo, behave kayo, a.

RENE: (Kay Issa.) E, saan mo ba gustong kumain, my honeybunch? Sa Jollibee?

ISSA: Ayoko 'dun. Ang cheap mo naman. Basta, dun sa masarap. Puro na lang tayo Jollibee. Kaya ako tumataba sa 'yo, e. Dyeta na nga ako, e!

RENE: E, d'un sa Gary's Bar and Resto, 'dun sa may Timog. Masarap daw dun.

ISSA: Sige, sige. Tapos, hon, order tayo ng crispy pata ha. Tapos inihaw na pusit. At saka sisig! Pork sisig. Tara na! Gutom na ko!

*Papasok si Mang Canoy sa condominium. Kagagaling lamang mula nito sa trabaho na pagtitinda ng mga encyclopedia door-to-door. Gusot-gusot ang kaniyang polo. Magkakatinginan sila ni Issa, ngunit maglalakad lamang palayo si Mang Canoy, ang mata niya ay nasa baba. Walang mapapansing kakaiba si Rene.*

### **73. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. SAME NIGHT.**

*Inangkin muli ng katahimikan ang gabi. Mapapansin ni Ron na Martes ngayong araw. Mag-aalas dos na ng umaga. Maya-maya ay unti-unti magdidilim ang kaniyang paningin, dala ng matinding pagod. Lalabanan niya ang antok. Ngunit nang idilat niya ang kaniyang mga mata, ang mga tenants na nakita niya kani-kanina lamang ay nakapalibot sa kaniya, ang mga mata nila ay waring nag-aakusa. Ang iba sa kanila ay nakaturo kay Ron. Tagatak ang kaniyang pawis.*

TENANTS: Kasalanan mo 'to. Kung 'di ka sana nakialam, hindi mangyayari ito sa kaibigan mo.

TENANTS: Wala ka bang gagawin para ipagtanggol siya? Uupo ka lamang ba diyen?

TENANTS: Ikaw lamang ang susi sa lahat ng ito. Ikaw ang susi ...

*Magigising si Ron sa boses ni Ree.*

REE: Susi. Pahiram naman uli ako ng susi, pogi. Nawala ko na naman kasi e.

*Mapapansin ni Ron na halos kalahating oras na pala siyang tulog. Iaabot niya*

*ang susi kay Ree. Biglang lalapit si Alice.*

ALICE: Ikaw talagang babae ka, malandi ka. Ito kaya ‘yung susi mo. Naiwan mo sa pantalon mo! (*Kay Ron.*) Sorry, kuya guard. Sadyang malandi lang talaga ‘tong kapatid ko. ‘Wag mo siyang pansinin. Ako na lang.

*Hahatakin ni Alice si Ree paalis. Sabay silang lilingon kay Ron at kikindatan ito. Maghahatakan sila ng buhok. Nakatingin lamang si Ron sa kanilang direksiyon hanggang maglaho sila paakyat ng hagdan. Wala siyang kibo.*

#### **74. INT. RONILO:’S APARTMENT. DAY.**

*Nagtatalik sina Jazmin at Ronilo. Ibubuhos niya ang lahat ng kaniyang mga saloobin habang tinitira sa likod si Jazmin. Mapapaaray ito sa sakit. Habang patuloy siya sa pagtira na kaniyang asawa, mag-iiba ang boses nito at mapapasigaw. Magpupumiglas siya mula kay Ron habang iniinda pa rin ang sakit. Pagharap nito sa kanya, makikita niyang si Luisa na ang nakatingin sa kaniya, galit na galit.*

LUISA: Ba’t ‘di mo ako niligtas, Ron? Akala ko kaibigan kita.

*Maninigas si Ron sa kanyang puwesto. Hindi siya makakapagsalita.*

LUISA: Nakita mo ang lahat ng mga nangyari. Nakita mo kasi binobosohan mo ako. Madalas mo akong bosohan, alam ko ‘yun. Katawan ko pinagpiyestahan mo pero hindi mo ko magawang maligtas? Hayup ka. Hayup! Ang baboy mo!

*Babalik sa dating anyo si Jazmin.*

JAZMIN: Pa, ano nangyari sa ‘yo? Okay ka lang? Para kang nakakita ng multo.

*Tagaktak ang pawis ni Ron. Hindi siya makakapagsalita.*

**75. EXT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.**

*Hindi pumasok sa klase si Ron. Napagdesisyonan na niyang ipaalam sa awtoridad ang kaniyang nalalaman. Basa ng pawis ang kaniyang mukha at damit. Nanunuyo ang kaniyang mga labi. Kukunin niya ang lahat ng kaniyang lakas ng loob at papasok sa presinto.*

**76. INT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.**

*Maraming tao sa presinto. Ilan dito ay mga misis na nagbabangayan dahil nahuli ng isa na nakikipagsiping ang kaniyang asawa sa kaniyang kaibigan. Ang iba naman ay nagtatalo dahil sa utang.*

BABAE 1: E, ito kasing putanginang ‘to, sampung buwan na e hindi pa nagbabayad ng utang! Palibhasa pinangsusugal e. Talo naman palagi.

BABAE 2: E, tangina mo rin. ‘Yung mister mo naman kung kani-kanino nakikipagkalantari. Palibhasa, tuyot ka na!

BABAE 1: Ay, tangina mo. Talagang hinahamon mo ko no.

*Magsasabunutan ang dalawa. Susubukan silang awatin ng isang pulis. Ang katabi namang binatilyo ni Ron ay may saksak ng balisong sa tagiliran, habang ang kaniyang nanay ay nakikipagdaldalan sa kaibigan.*

NANAY 1: Bumili ka na kasi sa ‘kin ng Avon. Mura lang lipstick ko. Por handred lang! May kasama ng powder ‘yon.

NANAY 2: Ayoko niyan. ‘Yung kakilala ko bumili nang ganiyan tapos nangitim ‘yung labi niya. Mukha tuloy siyang bangkay.

NANAY 1: Grabe naman ‘to. Siguro peke ‘yung nabili niya. Galing China siguro. Ito imported. Galing Burma.



*Susubukang kausapin ni Ron ang batang katabi.*

RONILO: Bata, ang lalim ng saksak mo, a. ‘Di ba dapat nasa ospital ka?

*Magkikibit-balikat lamang ang bata.*

#### **77. INT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.**

*Matapos ang ilang oras, huhupa rin ang tao sa loob ng presinto.*

ATTENDING OFFICER 1: Ronilo Maceda?

*Tatayo si Ron at lalapit sa attending officer.*

ATTENDING OFFICER 1: Nagbanyo lang si SPO2 Nabuab. Upo ka muna.

#### **78. INT. POLICE STATION - CUBAO. DAY.**

*Magkahalong kaba at takot ang nararamdaman ni Ron. Matindi ang kaniyang pagpapawis ngunit hindi niya ito papansinin. Kakagat-kagatin niya ang dulo ng kaniyang daliri upang ibsan ang kaba. Mayamaya ay darating ang attending officer. Tinataas nito ang zipper ng kaniyang pantalon.*

SPO2 MIGUELITO H. NABUAB: Anong maitutulong ko sa ‘yo, Ronilo?

RONILO: Um, ser, kasi po, hindi po alam kung kanino sasabihin.

SPO2 MIGUELITO H. NABUAB: Ano ba ‘yun? Wala ka naman sigurong ginawang masama, no, hijo?

RONILO: Ay, wala po, ser. Hindi po ganun. Um, kasi po...

*Sa labas, makikita niya ang poster ni Konsehal Ace. Papangunahan siya ng takot at kaba.*

RONILO: Wala po, ser. Pasensya po. Maliit lang na bagay. Pasensya po inaksaya ko ang oras niyo. Hindi naman 'to mahalaga.

*Magmamadaling lumabas si Ron ng presinto.*

**79. EXT. SIDEWALK. DAY.**

*Patuloy lamang maglalakad nang mabilis palayo si Ron na mistulang walang patutunguhan. Makakarating siya sa paligid ng isang construction site. Makikita niya ang mga posters ni Konsehal Ace na nakapaskil sa harang na yero. Susubukan niyang tanggalin ang mga ito sa matinding galit habang nagsasambit ng iba't ibang mura. Mapapagod siya at uupo sa isang tabi. Hindi niya mapipigilan ang pag-iyak.*

**80. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. NIGHT.**

*Inaayos ni Ron ang kaniyang desk nang makita niya sa kaniyang drawer ang mga komiks na nakalimutan niyang isoli kay Luisa. Pagmamasdan niya ang mga ito.*

**81. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. FOURTH FLOOR.  
SAME NIGHT.**

*Iniiilawan ni Ron ang ikaapat na palapag gamit ang kaniyang flashlight. Tulad ng dati, nababalot ito ng kadiliman. Mabagal na maglalakad si Ron malapit sa unit ni Luisa. Bubuksan niya ito.*

**82. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. LUISA'S UNIT. SAME NIGHT.**

*Ito ang unang pagkakataon na makapasok siya sa kuwarto ni Luisa, maliban sa araw noong matagpuan nila ang katawan ng kaniyang kaibigan. Bubuksan niya ang ilaw at tatambad sa kaniya ang mga nakakalat na damit ni Luisa sa kama at ilan na nasa sahi. Hindi ganoon karami ang mga kagamitan ni Luisa. Sa mesa, makikita niya ang mga ilang komiks na pinahiram niya sa kaniya. Kukunin niya ang mga ito. Habang pinagmamasdan ang mga gamit,*

*makikita niya ang isang address book. Bubuklatin niya ito at pag-aaralan ang mga nakasulat. Matapos ay ibubulsa niya ito.*

### **83. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Kakatapos lamang ng kanilang klase. Nagpapaalam si Ron sa kanyang mga kaklase habang palabas ng building.*

### **84. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Pagkalabas niya ng building, makikita niya ang isang puting Hi-Ace na nakaparada sa harap. Bababa ang driver at lalapitan si Ron.*

DRIVER: Ronilo Maceda?

RONILO: Ano po 'yun?

DRIVER: Pwede ka bang sumama sa 'min? Gusto ka lang makausap ni Konsehal Ace.

RONILO: Tungkol po saan?

DRIVER: Mas mainam siguro na sumama ka na lang sa 'min. Siya na lang magsasabi sa 'yo.

*Hindi na makakapag-isip si Ronilo. Sasama siya sa drayber.*

### **85. INT. COUNCILOR ACE VIDAL'S HOUSE. DAY.**

*Sasalubungin siya ni Konsehal Ace. Magiliw ito sa kaniya, tila wala siyang alaala sa malagim na gabi.*

KONSEHAL ACE: Ronilo. Hindi ko alam, pero parang ang gaan-gaan ng loob ko sa 'yo? Kapag nakakaramdam ako nang ganito, hindi ako nagkakamali. Alam kong mapagkakatiwalaan ko ang isang tao. Alam mo ba 'yung ibig kong sabihin?

*Magtataka si Ron sa sinabi ng konsehal, ngunit tatango na lang siya bilang pagpapakita ng respeto.*

KONSEHAL ACE: Katoliko ka ba, Ronilo?

RONILO: Opo.

KONSEHAL ACE: Nagbabasa ka ba ng Bibliya? (*Kukunin ang bibliya sa tabing mesa at bubuklatin ito.*) Ha, Ronilo?

*Hindi iimik si Ron.*

KONSEHAL ACE: Lukas, kabanata labingdalawa, berso ika-apat na pu't walo.

*(Patlang.)*

KONSEHAL ACE: "Datapuwa't ang hindi nakaaalam, at gumawa ng mga bagay na karapat-dapat sa mga palo, ay papaluin ng kaunti. At sa sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kaniya: at sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kanya."

*Ilalapag ni Konsehal Ace ang Bibliya.*

KONSEHAL ACE: Naiiintindihan mo ba ang sinasabi ng Bibliya, Ronilo? Sinasabi dito na kung ano ang binigay sa 'yo, malaki rin ang hinihinging kapalit.

*Makakaramdam ng matinding kaba si Ron.*

KONSEHAL ACE: Hindi ako humihingi ng kahit na anong kapalit, Ronilo. Hindi ako Diyos. Wala akong inaasahan na anuman mula kanino. Mahirap na rin. Sa katunayan, ibalik ko sa 'yo ang pabor. Gusto kitang tulungan.

RONILO: Hindi niyo naman po kailangan.

KONSEHAL ACE: Hindi. Hindi. Gusto kitang tulungan. 'Wag kang tumanggi dahil minsan lang ito. Hindi lahat nabibigyan ng pagkakataong

matulungan. Ang iba diyan, anuman ang gawin nila, walang dumarating na tulong. Namatay na, wala pa ring tumutulong sa kanila.

*Mapapalunok sa kaba si Ronilo.*

KONSEHAL ACE: Nabanggit kasi sa ‘kin ni Richard na balak mo raw magtayo ng talyer balang araw. Tamang-tama kasi nag-iisip akong magtayo ng negosyo. Alam mo na, kailangan ko rin ng pera. Hindi ko naman puwede gamitin ang kaban ng bayan. Hindi ako tulad ng ibang mga politiko diyan. Kaya naisip kita, e. Gusto ko sana matupad ang pangarap mo. Ano sa tingin mo?

RONILO: Nakakahiya naman po. Pero, mukhang ‘di ko pa po kaya magtayo ng sarili kong talyer. Hindi pa po sapat, alam ko.

KONSEHAL ACE: Hindi. Hindi. Maliit na bagay lamang ito, sinasabi ko sa ‘yo. At marami akong kakilala na matutulungan ka.

RONILO: Sa totoo lang po, Konsehal—

KONSEHAL ACE: Ace. Ace na lang.

RONILO: Kasi nalaman ko lang po noong isang araw na buntis ang misis ko. Kailangan niya ng kasama sa bahay. Kaya hindi ko po ito maaasikaso.

KONSEHAL ACE: Ganoon ba? Sige, pag-isipan mo ito nang mabuti. Makakatulong sa ‘yo ‘to nang malaki ngayong madadagdagan kayo sa pamilya mo.

*Tatayo si Konsehal Ace at makikipag-kamay kay Ron. Bakas sa mukha ni Ron ang nanunuot na galit sa konsehal, ngunit alam niyang wala siyang laban. Lalabas ito ng bahay.*

## **86. INT. RONILO’S APARTMENT. DAY.**

*Galing sa trabaho si Ronilo. Nakahiga siya sa kama at patulog pa lamang. Naririnig niya ang mga anak niyang naglalaro sa labas. Ang asawa niya ay naglalaba. Ipipikit niya ang mga mata at susubukang matulog. Umiikot ang kaniyang paningin. Sa sikat ng araw na tumatagos sa bintana ng kaniyang*

*kuwarto, makikita niya ang hubog ni Luisa. Lalapit ito sa kaniya at hahap-lusin ang kaniyang buhok, na parang ina na pinapatulog ang kaniyang sanggol. Hindi makakaimik si Ron. Titignan lamang siya ni Luisa nang may halong lambing at pagmamahal. Maluluha si Ron. Sa wakas, makakatulog din siya.*

#### **87. INT. HEARTWORKS RESIDENCES. RECEPTION AREA. DAY.**

*Ilang linggo matapos niyang makausap si Konsehal Ace, kausap ni Ron si Richard upang magpaalam na aalis na siya mula sa trabaho.*

RICHARD: So, saan ka na ngayon lilipat, Ronilo?

RONILO: 'Di ko pa po alam, ser. Siguro magpapahinga po muna. Kailangan din ng kasama ni misis sa bahay e. Maselan din po kasi siya magbuntis, e. At saka nga po pala, may isosoli po ako sa inyo.

*Iaabot ni Ron ang sobre na may lamang pera. Magtataka si Richard, ngunit kukunin niya ito.*

RICHARD: Okay. Zhù hāo yùn. Good luck sa iyo, Ronilo!

*(Patlang.)*

RICHARD: Hindi ko pa nasasabi sa iyo, pero ibebenta ko na itong condominium. May buyer na rin ako?

RONILO: Ho? Bakit po?

RICHARD: Hindi na rin maganda business. Sabi kaibigan ko Chinese din, bad luck daw itong building. Not good for the money. Kaya naisip ko na magtayo na lang ng restaurant sa Binondo. Dalaw ka minsan.

RONILO: Libre niyo po ba?

RICHARD: Syempre, hindi. Discount, bigyan kita.

*Magtatawanan ang dalawa.*

*Bago umalis si Ronilo, kokolektahin niya ang mga komiks sa kaniyang drawer, pati na rin ang mga komiks na nakalimutan niyang isoli kay Luisa.*

**88. EXT. NARROW STREET SOMEWHERE IN TANDANG SORA.  
DAY.**

*Naglalakad sa may isang liblib na lugar sa Tandang Sora si Ron. Hawak-hawak niya ang address book na kinuha niya sa kuwarto ni Luisa. Mayroon siyang dala-dalang kahon na kasinlaki ng isang shoe box. Lalapit siya sa isang matandang babaeng nagwawalis.*

RONILO: Ale, alam niyo po ba kung saan ito? (*Ipapakita ang address book.*)

MATANDANG BABAE: Ah, 'yung kina Nestor Payawan. Dun 'yan. (*Ituturo ng matandang babae ang direksyon.*)

**89. EXT. NESTOR'S HOUSE. SAME DAY.**

*Matutunton ni Ron ang hinahanap niyang bahay. May makikita siyang lalaki na nagdidilig ng halaman sa labas. Lalapitan niya ito.*

RONILO: Kayo po ba si Nestor Payawan?

NESTOR: Oo, bakit?

RONILO: Kaibigan po ako ni Luisa.

NESTOR: Luisa? Nabalitaan ko ang nangyari sa kanya. Robbery daw. Tanginang 'yan. Palagi ko siyang pinagsasabihan na mag-ingat siya. Hindi siya nakikinig sa 'kin.

RONILO: Mayroon nga po pa lang gusto ipabigay si Luisa. Para po kay Lester. Matagal na niyang gustong ibigay 'to, wala lang po siyang pagkakataon.

*Iaabot ni Ron ang kahon na naglalaman ng mga komiks kay Nestor. Bubuksan ito ni Nestor at makikita na kasama ang mga komiks ni Luisa at pati na rin lahat ng komiks ni Ron. Tatanggapin ito ni Nestor.*

**90. INT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. DAY.**

*Nakasuot ng puting polo shirt si Ron. Kausap niya ang guro niyang si Mike.*

MIKE:       Ano, Ron, napag-isipan mo na ba ang offer ko?

RONILO:     Nakapagdesisyon na 'ko.

*(Patlang.)*

RONILO:     Sige, sige. May isang kondisyon lang ako, Mike.

MIKE:       Ano 'yun?

RONILO:     Itong magiging negosyo natin, wala naman tayong hihingin sa tulong sa kung kaninong politiko, no? Atin lang ito.

MIKE:       Oo naman. Bakit mo naman naisip 'yan?

RONILO:     Wala naman.

MIKE:       So, schedule tayo ng meeting next week?

*Magpapalitan ng mga ngiti ang dalawa.*

**91. EXT. TESDA QUEZON CITY BRANCH. SAME DAY.**

*Palabas ng TESDA si Ron. Mayroon siyang dala-dalang envelope na naglalaman ng kaniyang resume. Mistulang naghahanap ng bagong mapapasukan. Dire-diresto lamang maglalakad si Ron papalayo. Sa isang gilid makikita ang isang poster na bumabati sa pagkapanalo ni Konsehal Ace Vidal bilang bagong bise-alkalde ng Quezon City.*

CUT TO BLACK.